




HealthySF

OUR HEALTH ACCESS PROGRAM



HANDBOOK NG KALAHOK



Lungsod at Kondado ng San Francisco
Departamento ng Kalusugan ng Publiko
Na-update noong Nobyembre 2025

healthysanfrancisco.org

Mga Nilalaman

Tungkol sa Handbook na Ito	1
Ano ang Healthy San Francisco?	1
Ang Iyong Medical Home	3
ID Card Mo	4
Mag-order ng Pamalit na ID Card	5
Magpa-appointment sa iyong Medical Home	5
Pag-uulat ng Reklamo	6
Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan na Ipinagkakaloob ng Healthy San Francisco	7
Pangunahin at Pang-iwas sa Sakit na Pangangalaga	7
Pangangalagang May Espesyalisasyon	7
Agarang Pangangalaga	8
Mga Serbisyo ng Ambulansya	8
Emergency na Pangangalaga	9
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip	9
Paggamot para sa Alak at Droga	10
Pangangalaga sa Ospital	11–12
Pagpaplano ng Pamilya	13
Matibay na Kagamitang Medikal	13
Mga Pagsusuri sa Laboratoryo	14
Parmasya	14
Mga Serbisyonang Hindi Kasama	15
Pananatiling Malusog	16
Bago Ka Bumisita sa Iyong	

Medical Home.....	16
Habang Ikaw ay Nasa Iyong Medical Home.....	17
Bago Ka Umalis sa Iyong Medical Home....	18
Mga Bayarin ng Kalahok	19
Mga Bayarin Kung Saan Ipinagkakaloob ang Mga Serbisyo	20
Oras ng Pagre-renew	21
Mga Resource at Mahalagang Contact	Pabalat sa Likod



Tungkol sa Handbook na Ito

Sa handbook na ito, makakakita ka ng kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa Programang Healthy San Francisco (HSF). Isinulat ang handbook na ito para gawing madaling maunawaan ang HSF. Pakibasa ito bago itakda ang unang appointment mo sa doktor.

Ano ang Healthy San Francisco (HSF)?

Ang HSF ay isang programa na nagbibigay ng abot-kayang pangangalagang pangkalusugan sa mga taga-San Francisco na walang insurance. Nagiging espesyal ang HSF dahil makakapili ka ng Medical Home. Pumunta ka sa iyong Medical Home kapag may sakit ka. Pupunta ka rin sa iyong Medical Home para sa regular at pang-iwas sa sakit na pangangalaga para makatulong na manatili kang malusog. Gamit ang HSF:

- Mapipili mo ang sarili mong Medical Home
- Magkakaroon ka ng sarili mong doktor o provider ng Medical Home. Makikilala ka niya at malalaman niya ang iyong kasaysayan ng kalusugan.
- Puwede kang tumawag sa iyong Medical Home o Sentro ng Serbisyo sa Customer ng HSF kapag kailangan mo ng tulong
- Alam mo kung magkano ang iyong mga serbisyo bago mo tanggapin ang mga ito
- Mayroon kang madaling paraan para magpatala ulit sa programa sa pamamagitan ng pagsagot sa aplikasyon sa pagre-renew nang isang beses sa isang taon.
- Hindi mo kailangang maghintay hanggang magkasakit ka para makatanggap ng pangangalagang pangkalusugan

Ang Healthy San Francisco ay Hindi Insurance sa Kalusugan

Nag-aalok ang HSF ng pangunahin at tuloy-tuloy na pangangalagang pangkalusugan sa mga taga-San Francisco na walang insurance sa kalusugan. Nag-aalok ang HSF ng limitadong network ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Kung gagamit ka ng iba pang serbisyo o provider na wala sa Network ng iyong Medical Home ng HSF o sa labas ng San Francisco, malamang na sisingilin ka. Kasama rito ang pang-emergency na pangangalaga o pagpapaospital mula sa mga ospital ng San Francisco na hindi bahagi ng Network ng iyong Medical Home. Puwede kang maging kwalipikado para sa programang pangangalagang pangkawang-gawa ng mga ito, na makakabawas sa iyong bayarin.

Kung mayroon kang insurance sa kalusugan, huwag itong bitawan.

Magbibigay sa iyo ang insurance ng higit pang pagpipilian at paraan para makuha ang pangangalagang kailangan mo.

Ang Healthy San Francisco ay hindi insurance.

Ang HSF ay isang huling remedyo para sa mga taong nakatira sa San Francisco na hindi makakuha ng insurance sa kalusugan. Hindi kwalipikado para sa HSF ang mga taong kwalipikado para sa kumpletong pampublikong insurance tulad ng Medi-Cal o Medicare. Puwedeng magbago ang mga panuntunan ng programa nang walang abiso. Kasama sa mga panuntunang ito kung sino ang kwalipikado, anong mga serbisyo sa kalusugan ang iniaalok, availability ng mga Medical Home, at ang gastos para makilahok.

Ang Iyong Medical Home

Pumipili ang bawat kalahok ng HSF ng isang Medical Home kapag nagsa-sign up at nagre-renew ng kanyang coverage sa HSF. Ang Medical Home ay site ng pangangalagang pangkalusugan (sa karamihan ng mga sitwasyon, isang klinika) kung saan ka magpapatingin sa provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) para sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Makukuha mo ang lahat ng iyong serbisyo sa kalusugan sa pamamagitan ng iyong Medical Home. Ito ang unang lugar na dapat mong tawagan kapag kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan.

Tawagan ang Iyong Medical Home para:

- Magpa-appointment para sa kalusugan
- Humiling tungkol sa mga refill para sa inireresetang gamot
- Makakuha ng referral para sa isang espesyalista
- Magpatala o mag-renew ng iyong coverage sa HSF*

Makikita mo ang numero ng telepono para sa Medical Home mo sa iyong ID Card ng Kalahok ng HSF.

Ang kasalukuyang Network ng Medical Home ng HSF ay binubuo ng Mga Klinika ng San Francisco Department of Public Health, klinika ng San Francisco Community Clinic Consortium, grupo ng pribadong doktor, at iba pang provider. Makakakita ka ng higit pang impormasyon sa mga lokasyon ng Medical Home, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at mga serbisyo sa Direktoryo ng Medical Home sa aming website.



Bisitahin ang [healthysanfrancisco.org](https://www.healthysanfrancisco.org) para matuto pa.

*Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung saan magsa-sign up o magre-renew ng iyong coverage, tumawag sa Serbisyo sa Customer ng HSF sa **1(415) 615-4555**.

ID Card Mo

Ang mga kalahok ng Healthy San Francisco ay pinapadalan ng identification card, na tinatawag na ID Card ng Kalahok. Makukuha mo ang iyong ID card ng Kalahok kapag nagpatala ka sa HSF o kapag nagpalit ka ng iyong Medical Home ng HSF. Ipinapaalam ng iyong ID card sa Medical Home mo na isa kang kalahok sa HSF. Dalhin ang ID Card na ito sa lahat ng oras, lalo na kapag:

- Bumibisita sa iyong Medical Home
- Tumatanggap ng anumang serbisyo sa kalusugan



Ang iyong Pangalan

Ang Iyong Tahanang Medikal

Ang Iyong Wika

Numero ng ID ng Kalahok

Nasa itaas ang isang sample ng hitsura ng ID Card ng Kalahok ng HSF

Mag-order ng Pamalit na ID Card

Kung nawala mo ang iyong ID Card ng HSF, tumawag sa Serbisyo sa Customer ng HSF para makakuha ng isa pa.

Puwede kang tumawag sa Serbisyo sa Customer ng HSF mula Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00am–5:00pm sa **1(415) 615-4555**.

- TTY para sa Mga Taong Hindi Nakakarinig, Nahihirapang Makarinig, o may Mga Kapansanan sa Pagsasalita: **711**

Magpa-appointment sa Iyong Medical Home

Kung isa kang Kalahok ng HSF, puwede kang magpa-appointment sa doktor sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong Medical Home. Nasa iyong ID Card ng Kalahok ang address at numero ng telepono ng Medical Home mo.

Dapat tawagan ng mga kalahok ang kanilang Medical Home para kanselahin o iiskedyul ulit ang isang appointment nang may hindi bababa sa 48 oras na abiso. Posibleng hindi ka makapagpa-appointment kaagad. Magplano nang maaga kapag alam mong kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan.



Pag-uulat ng Reklamo

Kung may problema ka sa programa o mga serbisyong matatanggap mo, subukan ninyong pag-usapan ito kasama ng iyong doktor o isang tao sa Medical Home mo. Posibleng ito ang pinakamahusay na paraan para ayusin nang mabilis ang problema. Kung hindi ka pa rin nakakahanap ng solusyon, tumawag sa Serbisyo sa Customer ng HSF para sa tulong sa 1(415) 615-4555. Narito ang aming team mula Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00am hanggang 5:00pm.

Kung hindi pa rin naaayos ang problema, puwede kang maghain ng pormal na reklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa pamamagitan ng Serbisyo sa Customer. Para magawa ito, kailangan mong sagutan ang isang form ng reklamo online, o magpadala ng nakasulat na liham sa:

Healthy San Francisco
P.O. Box 194287
San Francisco, CA 94119

Sa iyong nakasulat na liham, pakibahagi ang:

- **Pangalan mo, numero ng telepono, at email address** para makapag-follow up kami sa iyo hinggil sa reklamo mo
- **14 na digit na numero ng ID** sa iyong ID Card ng HSF
- Reklamo mo

Mangyaring sabihin sa amin ang higit pa tungkol sa problema:

- Ano na ang nagawa sa ngayon para ayusin ang problema?
- Ibahagi kung ano ang gusto mong mangyari para maayos ang problema.

Hindi ka tatanggalin sa programa dahil sa paghahain ng reklamo.

Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan na Ibinibigay ng HSF

Pangunahin at Pang-iwas sa Sakit na Pangangalaga

Mahahalagang bahagi ng iyong tuloy-tuloy na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ang mga regular na check-up, paggamot sa iyong mga kondisyon sa kalusugan, at mga pagpapascreen ng kalusugan. Sinasaklaw ng HSF ang mga serbisyong ito at ibinibigay ang mga ito ng iyong Medical Home. Magpa-appointment sa iyong Medical Home para sa mga regular na check-up.

Pangangalagang May Espesyalisasyon

Ang mga espesyalista ay mga doktor na tumitingin sa mga pasyenteng may mga espesyal na kondisyon sa pangangalagang pangkalusugan. Puwede itong hika, diabetes, mga problema sa puso, at higit pa. Ipapadala ka ng iyong Medical Home sa isang espesyalista kung kailangan mo ng payo o paggamot ng eksperto para sa isang partikular na kondisyon. Ang ilang Medical Home ay may mga espesyalista sa tauhan na makakagamot sa iyo. Ipapadala ka ng iba pa sa mga espesyalista sa isa sa mga ospital ng Network ng iyong Medical Home. Hindi ka puwedeng magpatingin sa isang espesyalista nang walang referral mula sa iyong Medical Home. Kung magpapatingin ka sa isang espesyalista nang walang



referral mula sa iyong Medical Home, hindi babayaran ng HSF ang paggamot na matatanggap mo.

Agarang Pangangalaga

Palaging pinakamabuti ang makakuha ng pangangalaga mula sa iyong Medical Home. Kung kailangan mong magpatingin kaagad sa isang doktor dahil nakakaramdam ka ng pananakit, makipag-ugnayan sa iyong Medical Home para alamin kung matitingnan ka nito sa klinika nito. Makakakuha ka ng mga serbisyo sa agarang pangangalaga sa ospital sa Network ng iyong Medical Home.

Sinasaklaw lang ng HSF ang gastos sa mga serbisyo sa ospital sa Network ng iyong Medical Home. Para makita kung saan makakakuha ng agarang pangangalaga para sa bawat Medical Home, makakakita ka ng chart sa mga pahina 11–12 sa handbook na ito.

Mga Serbisyo ng Ambulansya

Sinasaklaw **LANG** ng HSF ang mga serbisyo ng ambulansya para sa mga emergency na may banta sa buhay at para **LANG** sa transportasyon sa loob ng San Francisco. Kung mayroon kang emergency na may banta sa buhay, tumawag sa **911** para makakuha ng ambulansya.



Emergency na Pangangalaga

Kung mayroon kang emergency na may banta sa buhay, tumawag sa **911** o pumunta sa ospital sa Network ng iyong Medical Home. Sinasaklaw lang ng **Healthy San Francisco ang gastos sa mga serbisyo sa ospital sa Network ng iyong Medical Home.**

Makakakita ka ng chart ng mga ospital sa iyong network sa mga pahina 11–12 sa handbook na ito.

Ang mga medikal na emergency ay mga sakit o malubhang pinsala na may banta sa buhay o mapanganib. Maaaring kabilang sa mga ito ang:

- Nahihirapan sa paghinga at/o kinakapos ng hininga
- Pananakit ng dibdib o itaas na bahagi ng tiyan o nakakaramdam ng paninikip sa iyong dibdib
- Mga pagsumpong ng pagkahimatay, o biglaang pagkahilo o panghihina
- Hindi makontrol na pagdurugo
- Malalang pagsusuka o pagtatae
- Pakiramdam na gusto mong saktan ang iyong sarili o iba

Sinasaklaw **LANG** ang mga serbisyo ng ambulansya para sa mga emergency na may banta sa buhay at para **LANG** sa transportasyon sa loob ng San Francisco.

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip

Puwedeng makakuha ang mga kalahok ng HSF ng mga kumpidensyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Kasama rito ang one-on-one na pagpapayo para sa depresyon, pagkabalisa, pagkataranta, at tulong



sa iba pang emosyonal na problema. Kailangan mong magbayad ng mga bayarin sa isang sliding scale batay sa iyong kita. Kapag kinakailangan, puwede mong ma-access ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng iyong Medical Home o sa pamamagitan ng pagtawag sa San Francisco Community Behavioral Health Services sa:

- Mga Tumatawag nang Lokal: **1(415) 255-3737**
- Mga Tumatawag nang Toll-Free: **1(888) 246-3333**
- TTY para sa Mga Taong Hindi Nakakarinig, Nahihirapang Makarinig, o may Mga Kapansanan sa Pagsasalita: **1(888) 484-7200**

Papanatiliing mahigpit na kumpidensyal ang iyong paggamot.

Bisitahin ang **sf.gov/departments--department-public-health--behavioral-health** para sa higit pang impormasyon.

Paggamot para sa Alak at Droga

Makakahingi ang mga kalahok ng HSF ng tulong para sa mga problema sa alak o iba pang problema sa droga mula sa San Francisco Community Behavioral Health Services. Para sa tulong, tumawag sa:

- Mga Tumatawag nang Lokal: **1(415) 255-3737**
- Mga Tumatawag nang Toll-Free: **1(888) 246-3333**
- TTY para sa Mga Taong Hindi Nakakarinig, Nahihirapang Makarinig, o may Mga Kapansanan sa Pagsasalita: **1(888) 484-7200**

Papanatiliing mahigpit na kumpidensyal ang iyong paggamot.



Bisitahin ang **sf.gov/departments--department-public-health--behavioral-health** para sa higit pang impormasyon.

Pangangalaga sa Ospital

Nag-aalok ang HSF ng pangangalaga sa ospital sa ospital na nasa Network ng iyong Medical Home. Maliban sa isang emergency, kakailanganin mo ng doktor o espesyalista sa Network ng iyong Medical Home para i-refer ka para sa pangangalaga sa ospital. Sinasaklaw lang ng Healthy San Francisco ang gastos sa mga serbisyo sa ospital na nasa

Ang Klinika ng Iyong Medical Home

North East Medical Services (NEMS)

Sister Mary Philippa Health Center

Kaiser Permanente

**Lahat ng Iba pang Medical Home
sa San Francisco Health Network (SFHN)
at San Francisco Community Clinic
Consortium (SFCCC)**

Network ng iyong Medical Home. Kung tumatanggap ka ng pangangalaga mula sa isang ospital sa San Francisco sa labas ng Network ng iyong Medical Home, puwede kang singilin para sa mga serbisyong matatanggap mo at posibleng kailanganin mong bayaran ang mga serbisyong iyon.

Mga Serbisyo ng Ospital

Zuckerberg San Francisco General
1001 Potrero Avenue
1(628) 206-8000

UCSF Health Stanyan Hospital
450 Stanyan Street
1(415) 668-1000

Kaiser Permanente Medical Center
2425 Geary Boulevard
1(415) 833-2000

Zuckerberg San Francisco General
1(628) 206-8000

Pagpaplano ng Pamilya

Makakakuha ka ng mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya sa karamihan ng mga Medical Home ng HSF. Maaaring kabilang sa mga ito ang:

- Pagkontrol sa pagbubuntis
- Pagsusuri para sa pagbubuntis
- Pagsusuri para sa impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (STI)

Puwedeng humiling ang Mga Kalahok ng HSF ng appointment para sa mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya. Tawagan ang iyong Medical Home para magpa-appointment para sa OB/GYN at iba pang serbisyo sa pagpaplano ng pamilya.

Ang HSF ay isang programa ng huling remedyo at may mga serbisyo lang na may kaugnayan sa pagbubuntis kung na-screen ang isang kalahok at hindi siya kwalipikado para sa mga programa ng coverage na may kaugnayan sa pagbubuntis. Tumawag sa iyong Medical Home para magtanong tungkol sa mga programa ng coverage na may kaugnayan sa pagbubuntis.

Matibay na Kagamitang Medikal

Puwede kang resetahan ng iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa iyong Medical Home ng matibay na kagamitang medikal, tulad ng wheelchair o mga saklay. Makipag-ugnayan sa iyong Medical Home tungkol sa kung saan kukuha ng reseta para sa matibay na kagamitang medikal.



Makikita mo ang numero ng telepono para sa Medical Home mo sa iyong ID Card ng Kalahok ng Healthy San Francisco, sa Direktoryo ng Medical Home, at online sa healthysanfrancisco.org.

Mga Pagsusuri sa Laboratoryo

Kung kailangan mo ng mga pagsusuring medikal o pagsusuri sa laboratoryo, posibleng maisagawa ang mga ito sa iyong Medical Home o sa ospital sa Network ng iyong Medical Home. Hindi nagbibigay ang lahat ng Medical Home ng pagsusuri o gawaing panglaboratoryo. Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang iyong Medical Home o tanungin ang iyong doktor kapag iniutos nila ang mga pagsusuri.

Parmasya

Bilang isang kalahok ng HSF, makakakuha ka ng mga inireresetang gamot. Irereseta ang mga ito ng iyong provider ng pangunahing pangangalaga kapag kailangan mo ang mga ito. Nagbibigay ang HSF ng ilang partikular na gamot na naaprubahan para gamitin. Binabayaran lang ng Healthy San Francisco ang mga naaprubahang inireresetang gamot na inireseta ng iyong provider ng pangunahing pangangalaga sa iyong Medical Home. May partikular na parmasya o iba pang paraan ng pagkuha ng mga inireresetang gamot ang iyong Medical Home. Puwede mong tawagan ang iyong Medical Home para mahanap ang iyong parmasya o bisitahin ang aming website at tingnan ang aming Direktoryo ng Medical Home para malaman kung saan pupunan ang iyong mga reseta. Hindi babayaran ng HSF ang anumang gamot na hindi pa naaprubahan.



Mga Serbisyong Hindi Kasama

Ang Healthy San Francisco ay isang limitadong programang access sa kalusugan. May ilang partikular na serbisyo na hindi kasama sa Healthy San Francisco. Ang sumusunod ay hindi kumpletong listahan ng mga serbisyo na hindi ipinagkakaloob ng Healthy San Francisco:

- Acupuncture
- Pagsusuri at mga iniksyon para sa allergy
- Chiropractic
- Pangkosmetiko
- Pangangalaga sa ngipin
- Operasyon at mga serbisyo para sa gastric by-pass
- Pagsusuri at pagpapayo tungkol sa genetics
- Kawalan ng kakayahang magkaanak
- Pangmatagalang pangangalaga
- Mga pag-transplant ng organ
- Hindi pang-emergency na transportasyon
- Mga pagbabakuna para sa paglalakbay
- Paningin
- Mga hearing aids

Ang Healthy San Francisco ay hindi direktang nagbibigay ng operasyong nagpapatibay ng kasarian. Gayunpaman, posibleng makakuha ang mga kalahok na interesado sa operasyong nagpapatibay ng kasarian ng mga serbisyong ito sa pamamagitan ng isang hiwalay na programa na iniaalok ng San Francisco Department of Public Health, na tinatawag na Gender Health SF. Makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa operasyong nagpapatibay ng kasarian sa:



sf.gov/departments--department-public-health--gender-health-sf

Pananatiling Malusog

Narito kung paano sulitin ang susunod na pagbisita mo sa doktor.

Bago Ka Bumisita sa Iyong Medical Home

Kapag nagpapa-appointment, sabihin sa kanila ang tungkol sa mga alalahanin mo para maiskedyul ang tamang tagal ng panahon para sa iyong pagpapatingin. Kung ito ang una mong pagpapatingin sa iyong Medical Home o sa bagong doktor, maging handang ibahagi ang iyong medikal na kasaysayan.

- **Magbahagi** ng impormasyon tungkol sa anumang sakit na posibleng nasa iyong pamilya
- **Ilarawan** ang lahat ng kasalukuyan at nakaraan mong kundisyon sa kalusugan at paggamot
- **Magdala** ng mga lalagyan para sa anumang inirereseta at over-the-counter na gamot, halamang gamot, supplement, o bitamina na iniinom mo

Makakatulong kung isusulat mo ang ilang bagay bago ka pumunta sa doktor. Magsulat ng:

- **Isang maikling paglalarawan ng iyong mga kundisyon sa kalusugan o sintomas.** Maglagay ng listahan ng mga sintomas at detalye kung kailan nagsimula ang problema, kung nasaan ito, ano ang pakiramdam nito, at kung may ginagawa kang nagpapalala o nagpapabuti rito.
- **Isang listahan ng lahat ng gamot na iniinom mo.** Ilagay kung gaano karami at kung gaano ka kadalas umiinom ng inirereseta at over-the-counter na gamot, pati na rin ang mga halamang gamot, supplement, at bitamina.
- **Anumang tanong** na gusto mong itanong sa iyong doktor

Habang Ikaw ay nasa Iyong Medical Home

Kapag kinakausap mo ang iyong doktor, tandaang mahalaga sa kanyang oras ang kalusugan mo.

- **Malinaw na ilarawan ang iyong mga sintomas sa kalusugan.** Ibahagi kung kailan nagsimula ang mga ito, kung nasaan ang mga ito, at ang pakiramdam ng mga ito. Palaging nakakatulong kung isusulat mo ang impormasyon bago ka magpatingin.
- **Magtanong** hanggang sa sigurado kang nauunawaan ng iyong doktor ang mga alalahanin mo at sinasagot nang kumpleto ang mga tanong mo
- **Humingi ng nakasulat na impormasyon** kung hindi ka siguradong matatandaan mo ang lahat
- **Huwag kalimutan ang iyong emosyonal na kalusugan.** Banggitin ang lahat ng alalahanin mo tungkol sa kalusugan ng pag-iisip, hindi lang ang mga pisikal.



- **Tiyaking alam ng iyong doktor** ang tungkol sa mga inirereseta at over-the-counter na gamot, halamang gamot, supplement, at bitamina na iniinom mo
- **Tiyaking alam mo** kung saang mga ospital at parmasya ang nasa Network ng iyong Medical Home

Bago Ka Umalis sa Iyong Medical Home, Alamin:

- **Kung kailangan mo at kung kailan ka babalik** para sa isa pang pagpapatingin .
- **Kung kailangan mong tumawag** para sa anumang resulta ng pagsusuri, o para sa ulat hinggil sa kundisyon mo
- **Kung may ilang partikular na babalang palatandaan** na dapat mong bantayan
- **Kung mayroon kang mga materyales** na dapat mong iuwi, o website na dapat mong bisitahin para matuto pa tungkol sa iyong diagnosis o paggamot



Mga Bayarin ng Kalahok

Bilang Kalahok ng HSF, may ilang bayarin na posibleng kailanganin mong bayaran. Nakabatay ang bayarin ng kalahok ng HSF sa isang sliding scale. Nangangahulugan itong mas malaki o mas maliit ang magagastos mo batay sa kita at laki ng iyong sambahayan. Mas kaunti ang babayaran ng mga kalahok na mas kaunti ang kinikita; mas malaki ang babayaran ng mga kalahok na mas malaki ang kinikita. Ang mga bayarin ng kalahok ay mula \$0 hanggang \$450 at binabayaran ang mga ito nang apat na beses sa isang taon. Ibibigay sa iyo ng Sertipikadong Tagatulong sa Aplikasyon ang eksaktong halaga kapag sinagutan mo ang iyong aplikasyon.

Puwedeng bayaran ng mga kalahok ang kanilang mga bayarin online sa hsfpayment.sfhp.org



Mga Bayarin Kung Saan Ipinagkakaloob ang Mga Serbisyo

Bukod pa sa bayarin ng kalahok, posibleng kailanganing magbayad ng ilang kalahok ng bayarin kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo sa kanilang Medical Home sa oras ng pagtanggap ng mga serbisyo. Halimbawa, posibleng kailangan ng bayarin sa tuwing magpapatingin ka sa isang doktor, emergency room, o kukuha ka ng reseta.

Nakadepende ang halaga ng bayarin kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo sa iyong Medical Home at kita ng sambayahan. Kung mas mababa ang iyong kita sa isang partikular na halaga, posibleng hindi mo kailanganing magbayad ng bayarin sa kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo.

O Magbayad sa pamamagitan ng Koreo:

- Magpadala ng personal na tseke, money order, o tseke sa cashier sa Healthy San Francisco
- Isulat ang iyong numero ng ID ng Kalahok at numero ng invoice sa iyong pagbabayad, pirmahan ang tseke, at isama sa invoice slip
- Ipadala ito sa pamamagitan ng koreo sa
Healthy San Francisco
P.O. Box 7146
San Francisco, CA 94120-7146



Oras ng Pagre-renew

Para panatilihin ang iyong access sa mga serbisyong pangkalusugan, dapat kang magsumite ulit ng aplikasyon para sa HSF kada labindalawang (12) buwan. Ibig sabihin, taon-taon, dapat kang makipagkita sa isang Sertipikadong Tagatulong sa Aplikasyon para sagutan ang isang bagong aplikasyon at magbahagi ng mga kamakailang kopya ng mga kinakailangang dokumento.

Mayroong dalawang madaling hakbang para i-renew ang iyong pakikilahok sa HSF:

- 1. Abangan ang iyong taunang abiso sa pagre-renew sa koreo.** Tinatawag na iyong petsa ng anibersaryo ang petsa kung kailan ka tinanggap sa HSF. Makakatanggap ka ng abiso sa pagre-renew sa pamamagitan ng koreo bago dumating ang petsa ng anibersaryo mo sa bawat taon na nasa programa ka.
- 2. Sa sandaling matanggap mo ang iyong abiso sa pagre-renew, magpa-appointment sa isang Sertipikadong Tagatulong sa Aplikasyon sa iyong Medical Home.** Nasa abiso sa pagre-renew na matatanggap mo ang kanyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Tungkulin mong tiyaking magre-renew ka bago ang petsa ng anibersaryo mo. Kung hindi ka magre-renew bawat taon, aalisin ka sa HSF.


Kung lilipat ka, tiyaking tumawag kaagad sa Serbisyo sa Customer ng HSF sa **1(415) 615-4555**. Kung hindi namin hawak ang iyong pinakabagong address, posibleng hindi mo matanggap ang abiso sa pagre-renew, at puwede kang matanggal sa programa.

Kung hindi ka makatanggap ng abiso sa pamamagitan ng koreo, tumawag sa iyong Medical Home o Serbisyo sa Customer ng HSF para sa tulong. Puwede kang matanggal sa HSF kung ikaw ay:

- Hindi makakapag-renew ng iyong coverage sa HSF
- Lumipat sa labas ng San Francisco
- Makakuha ng insurance sa kalusugan
- Maging kwalipikado para sa pampublikong insurance sa kalusugan tulad ng Medi-Cal o Medicare
- Hindi binabayaran ang anumang hinihinging bayarin para sa pakikilahok
- Gumawa ng mga hindi totoong pahayag sa iyong aplikasyon o mga materyales sa pagre-renew
- Aabusuhin ang programa



Bisitahin kami sa:
healthysanfrancisco.org





HealthySF

OUR HEALTH ACCESS PROGRAM

healthysanfrancisco.org

Pinapatakbo ang HSF ng San Francisco
Department of Public Health (DPH)

Mga Resource at Mahalagang Contact

Serbisyo sa Customer ng Healthy San Francisco

Lunes hanggang Biyernes, 8:00am–5:00pm PST

- 1(415) 615-4555** Mga Kalahok ng Healthy San Francisco
- 711**..... TTY para sa Mga Taong Hindi Nakakarinig, Nahihirapang Makarinig, o may Mga Kapansanan sa Pagsasalita

San Francisco Community Behavioral Health Services (CBHS)

- 1(415) 255-3737** Mga Tumatawag nang Lokal
- 1(888) 246-3333**..... Mga Tumatawag nang Toll-Free
- 1(888) 484-7200**..... TTY para sa Mga Taong Hindi Nakakarinig, Nahihirapang Makarinig, o may Mga Kapansanan sa Pagsasalita

Emergency: Tumawag sa 911

- Kumuha ng ambulansya
- Mag-ulat ng emergency na may banta sa buhay

Tumawag sa 311 para:

- Makakuha ng impormasyon tungkol sa iba pang resource sa komunidad tungkol sa kalusugan
- Makakuha ng impormasyon sa iba pang resource, tulad ng mga programa sa pampublikong libangan at iba pang serbisyo ng lungsod